
2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Paggamit ng Personal na Karanasan sa Paghinuha sa Mangyayari



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Paggamit ng Personal na Karanasan sa Paghinuha sa Mangyayari**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arceli V. Balmeo |
| **Editor:** | Cristina S. Chioco, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Arnold S. Galvez, Mark G. Asuncion |
| **Tagaguhit:** | Rodelito I. Facun Jr. |
| **Tagalapat:** | Karl Edrian Abendaño, Ria V. Omaña |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Paggamit ng Personal na Karanasan sa Paghinuha sa Mangyayari

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa upang matulungan kang unawain ang unang aralin sa Filipino 2.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng aralin tungkol sa paggamit ng personal na karanasan sa paghinuha sa mangyayari.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makagagamit ng personal na karanasan sa paghinuha ng mangyayari sa nabasa o napakinggang teksto o kuwento **(F2KM-IIb-f-1.2)**.

# *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Araw ng Sabado. Maagang gumising si Diana. Nakahanda na ang paso, lupa at halamang gagamitin niya.

   A. Baka aani siya.
   B. Baka maliligo siya.
   C. Baka magtatanim siya.
   D. Baka mangingisda siya.

2. Mahusay kang tumula. Isang araw tinawag ka ng iyong guro. Sinabi niyang isasali ka niya sa programa sa darating na Biyernes para tumula.

   A. Siguro, matutuwa ka.
   B. Siguro, hindi ka sasali.
   C. Siguro, magtatago ka.
   D. Siguro, hindi ka papasok.

3. Araw-araw ay pinababaunan si Cristel ng prutas ng kaniyang nanay.

   A. Marahil, para pumayat siya.
   B. Marahil, para manghina siya.
   C. Marahil, para maging masaya siya.
   D. Marahil, para lumakas at lumusog siya.

4. Pagkatapos kumain, si Beth na ang nagliligpit ng kanilang pinagkainan. Ganito ang paraan niya upang makatulong sa magulang.

   A. Tila hindi ito magandang gawain.
   B. Tila dagdag ito sa kaniyang gawain.
   C. Tila matutuwa ang kaniyang magulang.
   D. Tila malulungkot ang kaniyang magulang.

5. May munting halamanan sina Irma. Tuwing hapon ay kinukuha na niya ang timba at tabo. Pagkatapos, lalagyan niya ito ng tubig.

   A. Baka magdidilig siya.
   B. Baka maglalaba siya.
   C. Baka magtatanim siya.
   D. Baka maghuhugas siya.

| Aralin 1 | Paggamit ng Personal na Karanasan sa Paghinuha sa Mangyayari |
|---|---|

Ang paghihinuha **(inferring)** ay pagbibigay ng hula o sariling palagay sa maaaring mangyari sa isang kuwento. May pagkakataong naiiuugnay ng mambabasa ang kaniyang personal na karanasan. Nakatutulong ito upang higit na malinang ang kaniyang kakayahan sa paghihinuha. Kadalasan, nagaganap ang paghihinuha kung ang wakas ng isang kuwento ay hindi tapos at bitin.

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang kasunod na talata. Isulat ang **PR** kung parirala, at **PP** kung pangungusap ang nakasulat sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Alagaan ang kalikasan. Isa ito sa mga tagubilin ng ating gobyerno. Dapat nating panatilihing ligtas at malinis ang kapaligiran. Huwag magtapon ng mga dumi sa mga anyong tubig. Patuloy na magtanim ng mga puno at halaman para sa mga hayop at nang sila ay may masisilungan.

__________1. Alagaan ang kalikasan.
__________2. ng ating gobyerno
__________3. Iwasan ang pagtatapon ng mga basura.
__________4. Dapat nating panatilihing ligtas at malinis ang kapaligiran.
__________5. nang may masisilungan



# Tuklasin

## Gawain ng Magulang/Guro

Basahin nang malinaw ang kuwento. Ipahula sa bata ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang.

## Gawain ng Mag-aaral

Maaaring isulat o bigkasin ng bata ang sagot.

**Panuto:** Basahin ng malinaw ang kuwento. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Sa edad na walong taong gulang, si Willy ay mahusay nang maglaro ng online games. Nauubos ang kaniyang maghapon sa paglalaro nito. Madalas ay nagkukulong siya sa kaniyang kuwarto. Wala rin sa tamang oras ang kaniyang pagkain. Isang umaga ay bigla na lamang siyang sumigaw ng malakas.

1. Baka - ________________________________
2. Tila - __________________________________
3. Siguro - ________________________________
4. Marahil - _______________________________

## *Suriin*

Madali kang makapagbibigay ng sariling hula o hinuha kapag naunawaan mo ang bawat sitwasyon o kuwento na iyong nabasa o napakinggan.

Sa pagpapahayag ng hinuha ginagamit ang mga panandang: **baka, siguro, marahil, tila** at **wari**.

Ang hinuha ay maaaring nakabatay sa iyong personal na karanasan.

Ang mahalagang detalye ay nakatutulong upang masagot ang mga tanong sa pinakinggan o binasang teksto.

Ang paghinuha ay pagbibigay ng kasalukuyang nadarama, iniisip, katangian, o nangyayari batay sa paglalarawan ng mga detalye sa isang sitwasyon. Maaari itong positibo o negatibo

Halimbawa:

1. **Baka** - Baka may makita kang tindang pinya, bumili ka.
2. **Tila** - Tila nakita ko siya kanina sa simbahan.
3. **Siguro** – Siguro ay mataas ang nakuha niyang marka, dahil nag-aral siyang mabuti kagabi.
4. **Marahil** - Marahil ay alam mo na ang tama at mali.
5. **Wari** - Wari ko'y isang panaginip lang ito.


**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nabasa ng magkaibigang Danna at Jack sa isang anunsiyo na hanggang ikawalo lang ng gabi dapat nasa labas ang mga tao. Ipinatupad ng kanilang barangay ang curfew bilang pagtugon sa panawagan ng pamahalaan kaugnay ng COVID-19.



Pagtingin ni Jack sa kaniyang relo ay ikasiyam na ng gabi. Mayamaya ay biglang silang hinintuan ng mga tanod na nagroronda sa barangay.

1. Baka - ______________________________
2. Tila - ______________________________
3. Siguro - ______________________________
4. Marahil - ______________________________
5. Wari- ______________________________





# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tag-ulan na naman. Ito ang hinihintay ng mga magsasaka. Dahil makapagtatanim na sila. Nakahanda na ang kanilang mga punla, at maitatanim na nila ang mga ito kung patuloy ang pag-ulan.



1. Ano kaya ang itatanim nila at hinihintay nila ang tag-ulan?

| Siguro, ______________________________________________ |
|---|
| ______________________________________________ |

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Madilim ang gabi.

Malakas ang ulan na may kasama pang kulog at kidlat nang biglang namatay ang ilaw.

Natakot si Miel. Nag-iisa lang kasi siya sa silid.

Mayamaya ay may kumakaluskos sa kanilang bintana. Nang dungawin niya ay napahiyaw siya ng malakas.

1. Ano kaya ang nakita ni Miel pagdungaw niya sa bintana?

| Baka, ____________________________________________ |
| --- |
| ____________________________________________ |

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Basahin at hulaan ang kasunod na mangyayari. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba.



May halamanan si Lucy. Marami ang natutuwa sa kaniyang halamanan. Subalit, isang umaga ay nagisnan niyang magulo ito.

1. Ano kaya ang mararamdam ni Lucy sa nakita?

| Tila, ______________________________________________ |
| --- |
| ______________________________________________ |

2. Paano kaya niya maibabalik sa dating ayos ang kaniyang halamanan?

| Marahil ay, ______________________________________ |
| --- |
| ______________________________________________ |

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Naglalaro si Trisha nang utusan siya ng kaniyang ate na bumili sa tindahan.

Habang naglalakad si Trisha ay bubulong-bulong siya.

1. Naranasan mo rin bang bumili sa tindahan? Ano kaya ang bibilhin ni Trisha?

| Baka, ______________________________ |
| --- |
| ______________________________ |

2. Sa iyong palagay, bakit kaya siya bulong ng bulong?

| Siguro ay, ______________________________ |
| --- |
| ______________________________ |

Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ibinilin ng nanay ni Prince na ilagay niya sa bulsa ang kaniyang baong pera. Hindi niya sinunod ang kaniyang nanay. Hinawakan lang niya ang kaniyang baon hanggang makarating siya sa paaralan. Nang magbabayad na siya ng biniling miryenda ay wala siyang maiabot.



Tila, ______________________________________________

______________________________________________

Marahil ay, ______________________________________________


______________________________________________

Siguro ay, ______________________________________________

______________________________________________

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin at ibigay ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan.



Masayahin at matalinong bata si Kevin. Magkatabi sila ni Riza ng upuan sa klase. Madalas binibigyan ni Kevin si Riza ng pagkain. Lunes ng umaga ay hindi niya nakitang nakaupo si Riza sa kaniyang upuan.

Baka, ______________________________________________
______________________________________________


Marahil ay, ______________________________________________
______________________________________________

Siguro ay, ______________________________________________
______________________________________________

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tuwang-tuwa ka sa iyong pinapanood sa telebisyon. Dumating ang tatay mo at nakiusap na ilipat ang estasyon sa balita.



Tila, ______________________________________________

______________________________________________

Baka, ______________________________________________

______________________________________________

Siguro ay, ______________________________________________

______________________________________________

Marahil ay, ______________________________________________

______________________________________________

## *Isaisip*

**Panuto**: Punan ng wastong sagot ang mga patlang upang matiyak na natutunan mo ang mahalagang konsepto ng araling ito. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tila | baka | mangyari | marahil | siguro |

Mahalagang magkaroon ka ng kakayahang maibigay o mahulaan ang maaaring 1) __________. Makatutulong ito sa iyo upang makapag-isip ka kung ano ang dapat gawin. Maaari mong gamitin ang ilan sa sumusunod na pahiwatig tulad ng 2) __________, 3) __________, 4) __________, at 5) __________ upang mahusay mo itong maisagawa.

## *Isagawa*

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Umiinom si Hanna
nang bigla siyang natapunan nito.
Nabasa tuloy ang kaniyang damit.



| |
|---|
| Baka ________________________________________<br>__________________________________________________ |

| |
|---|
| Tila ________________________________________<br>__________________________________________________ |


| |
|---|
| Siguro ay____________________________________<br>__________________________________________________ |

| |
|---|
| Marahil ay __________________________________<br>__________________________________________________ |



## *Tayahin*

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na kuwento. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Gawing gabay sa pagsagot ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



### Pasukan Na!

ni Arceli V. Balmeo

Lunes noon. Unang araw ng pasok sa paaralan. Sinamahan ni Aling Belen ang kaniyang bunsong anak na si Chona na nasa Unang Baitang.

“Inay marami po palang bata at mga nanay sa paaralan,” sabi ni Chona. “Talagang marami kasi unang araw ng pasok. Inihahatid din kasi ng ibang nanay ang kanilang mga anak. ‘Yung ibang mga bata ay ayaw pang paiwan sa silid-aralan, tapos umiiyak pa.”

Biglang naalala ni Chona na magpapabili muna siya ng miryenda bago umuwi ang kaniyang nanay. Kaya sinabi niya agad ito sa kaniyang nanay. Ang binili nila ay nagkakahalaga ng ₱16.00. Isang dalawampung pisong papel ang ibinayad ng nanay niya. Nagbigay ng sukli ang tindera. Sa halip na ₱4.00 ang sukli ay sobra-sobra ang ibinigay nito.

“Inay, sobra po ng limang piso ang sukli sa atin ng tindera. Ang ibinayad po natin ay dalawampung piso”, sabi ni Chona. “Naku! Aling Tindera, sobra nga naman ng limang piso ang sukli ninyo sa amin”, natawang sabi ni Aling Belen.

“Salamat po,” nakangiting wika ng tindera. “Halika ineng,” nakangiting tawag ng tindera kay Chona. “Dahil sa iyong katapatan, heto naman ang bigay ko sa iyo, isang basong buko *juice*.” “Salamat po”, sabi ni Chona habang tinatanggap ang buko *juice* na bigay ng tindera.

1. Anong katangian mayroon si Chona?

| |
|---|
| Baka ______________________________________ ___________________________________________ |

2. Bakit inihatid pa si Chona ng kaniyang nanay sa paaralan?

Tila_______________________________________________

_________________________________________________

3. Bakit sobra ang naisukli ng tindera sa mag-ina?


Siguro ay __________________________________________

_________________________________________________

4. Paano na ang gagawin ni Chona kapag iniwan na siya ng kaniyang nanay?

Marahil ay _________________________________________

_________________________________________________



## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng kuwento tungkol sa paglilinis ng inyong bakuran. Hulaan ang susunod na mangyayari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Baka - _____________________________________________
2. Tila -______________________________________________
3. Siguro -____________________________________________
4. Marahil -___________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**
(Posibleng sagot)
1. Baka siya ay batang matapat.
2. Tila natatakot na mag-isa ang anak sa pagpasok.
3. Siguro ay nagkamali ng bilang
4. Marahil ay papasok na siya agad sa silid-aralan.

**Isaisip**
1. mangyari
2. baka
3. tila
4. siguro
5. marahil (Maaaring magkaiba-iba ang puwesto ng sagot sa bilang 2-5.)

**Isagawa**
(Posibleng sagot)
6. Baka natapilok siya.
7. Tila may natapakan siya.
8. Siguro ay may nakabunggo siya.
9. Marahil ay nadulas siya.

**Malayang Pagtatasa 1**
(Posibleng sagot)
1. Baka may sakit
2. Siguro ay nahuli lang
3. Marahil ay tinanghali ng gising

**Malayang Pagsasanay 2**
(Posibleng sagot)
1. Tila may balita tungkol sa COVID19.
2. Baka may gamot na sa COVID19.
3. Siguro ay may malungkot na balita.
4. Marahil ay magandang balita ang Pangulo ng Pilipinas

**Malayang Pagtatasa 2**
(Posibleng sagot)
1. Marahil ay naglalaro kaya hindi nailigpit.
2. Siguro ay nanonood ng telebisyon.
3. Baka inaya ng kalaro sa labas.
4. Tila hindi naintindihan ang bilin ng nanay niya.

**Pagyamanin**

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**
(Posibleng sagot)
1. Siguro ay magtatanim sila ng palay.

**Pinatnubayang Pagtatasa 1**
(Posibleng sagot)
1. Baka may tao siyang nakita.

**Pinatnubayang Pagsasanay2**
(Posibleng sagot)
1. Tila maiinis sa nakita.
2. Marahil ay magpapatulong sa kapatid.

**Pinatnubayang Pagsasanay2**
(Posibleng sagot)
1. Baka toyo ang bibilin.
2.Siguro ay inaalala ang bibilin.

**Malayang Pagsasanay 1**
(Posibleng sagot)
1. Tila nabitiwan niya ang pera.
2. Marahil ay nailaglag sa daan.
3. Siguro ay ibinanaba niya kung saan.

**Suriin**

(Posibleng sagot)
5. Baka may itatanong
6. Tila may ibibigay
7. Siguro ay huhulihin sila
8. Marahil ay may nakitang kakaiba sa kanila.

**Tuklasin**
(Posibleng sagot)
1. Baka may nakitang daga.
2. Tila may nakita siya.
3. Siguro ay sumasakit ang tiyan.
4. Marahail ay masakit ang ulo

**Balikan**

1. PP
2. PR
3. PP
4. PP
5. PR

**Subukin**

1. C
2. A
3. D
4. C
5. A

# *Sanggunian*


Bermudo, Jennifer. "LR Portal". Deped LR Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/15001. date accessed May 28, 2020

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Garcia, Nilda, et.al. 2013. Ang Bagong Batang Pinoy 2. 1st ed. Pasig City: DepEd-IMCS.

Lalunio, Lydia. 2020. Bagong Filipino Tungo Sa Globalisasyon 2. Vibal Publishing.

Raflores, Ester. n.d. Binhi: Wika at Pagbasa. Jo-es Publishing House Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph